Biblia Para sa mga Bata

Ihinahalad

Ang Maalam na Hari na si Somon

Sinulat ni: Edward Hughes
Ilinarawan ni: Lazarus
Ibinagay ni: Ruth Klassen
Isinalin ni: Dulia Penalber
Yinari ni: Bible for Children
www.M1914.org

BFC
PO Box 3
Winnipeg, MB R3C 2G1
Canada

©2007 Bible for Children, Inc.
Lisensia: May karapatan kayo magkopia o imprenta ng kuento, kung hindi ninyo ipagbibili.

Si Haring David ay dakilang lalake ng Panginoon. Sa kanyang paghahari dumami ang kaharian ng Israel ng sampong angkat kay sa kaharian ng Haring Saul. Ngunit ngayon hindi na siya makapamuno. Si David ay matanda na. At pagod! At maysakit! Ang kanyang buhay dito sa mundo ay malapit nang ma-tapos.

Isa sa mga anak na lalake, si Adonijah, ay nagsabi sa mga taong Israel na siya ay maging hari. Kahit na ang kanyang pangalan ay nanganga- hulugan "Ang aking Panginoon ay ang Diyos", si Adonijah ay hindi mabuting tao. Sinikap niyang agawin ang truno, habang alam niya na si David ay mahina na na tumutol sa kanya. Ngunit ang Panginoon ay may ibang balak!

Ang asawa ni David na si Batseba nakakaalam na si Solomon na kanyang anak ay maging hari. Sinabihan niya si David sa balak ni Adonijah. Kahit na siya may sakit tinipun niya ang kanyang mga lider at ipinahayag o ginawa si Solomon na hari ng Israel.

Wala ng gulo si Solomon kay Adonijah dahil sa ang mga tao ay nanini- wala kay David. Sinabihan sila ni David na si Solomon ay pili ng Diyos na kanilang hari. Pagkatapos nito si David ay namatay.

Bago namatay si David, kinausay niya si Solomon tungkol sa pagsunod sa Panginoon at maging mabuting hari. "Lumakad ka sa lakad ng Panginoon, upang kayo ay uunlad sa lahat ng iyong gagawin," sinabi ni David sa kanyang anak. Iyon ay mabuting payo! Noon si Solomon ay naupo sa truno ng kanyang ama,si David, at ang kaharian ay matatag.

Isang gabi, nanaginip si Solomon. Sa kanyang panaginip, ang Panginoon ay nagpakita sa kanya at nagsabi, "Humingi! Ano ang mabibigay ko sa iyo?" Ano kaya ang iyong hihingiin?



Ang hiningi ni Solomon ay kaalaman upang maging mabuting hari. Ang hiningi ng batang hari ay nakapag-siya sa Panginoon. Binigyan si Solomon ng kanyang hiningi ngunit nangako rin ang Panginoon sa kanya ng kayamanan at karangalan.

Hindi nagtagal, nalalaman ng mga taohan ang kaalaman ni Solomon. Isang araw, may dalawang ina na pumunta sa kanyang harapan, na may isang sanggol. "Ang anak ng babaing ito ay namatay sa gabi, at ipinalit niya ang patay na sanggol sa buhay kong sanggol," ang isang babae ay nagsabi. "Hindi! Ngunit ang buhay na sanggol ay akin, at ang patay ay iyo," ang isa ay nagsabi. Paano malalaman ng hari kung sino ang tunay na ina?

Ngayon sinabi ng hari, “Bigyan ako ng tabak.” Dinala ang ispada o tabak sa harap ng hari. Ano kaya sa iyong palagay ang balak ng hari na gagawin sa tabak?



Ang sabi ng hari, "Hatiin ang batang buhay at ibigay ang kalahati sa isa at kalahati sa isang ina." Noon ang tunay na ina ng sanggol ay nagsabi, "O panginoon ko, ibigay sa kanya ang anak ko at huwag siyang mamatay."

Ngunit ang isang ina ay nagsabi, "Huwag siya maging anak ko o maging anak mo, ngunit hatiin siya."

Kaya ang sabi ng hari, "Ibigay ang sanggol sa unang ina. Siya ay tunay na ina." At ang lahat ng Israel nakarinig ng hukom, at dakilang ginalang ang hari. Nakita nila ang kaalaman ng Diyos ay nasa kanya.

Ang mga tao sa Israel ay walang templo upang makasamba sa Diyos. Nang binalak ni David na gagawa ng isa, ang Diyos ay nagsabi, "Ang iyong anak na lalake ay siya'y magpatayo ng bahay sa aking Pangalan."



Kaya si Solomon ay nagumpisa ng pagpatayo ng katakatakang templo sa Jerusalem.

Pitong taon ang nakaraan
bago nayari ang templo.
Ngunit ang dakilang araw
ay dumating nang ang
lahat ay nagtipun upang
makinig kay Solomon
habang kanyang
hinandog
ang

templo
sa Panginoon.




Pagkatapos ng
katakatakang
panalangin, ang hari
at mga taohan ay
masayang nagbigay
ng libo
libong mga hain
at nagkaroon ng
malaking handaan na
nagtagal ng dalawang linggo!

Pagkatapos nito, nagpakita muli ang Panginoon kay Solomon at nangako ng pagpapala sa kanya, at sa Israel kung sila ay manatiling susunod sa Panginoon.

Nakalulungkot, ni si Solomon at ang mga tao ng Israel ay palaging sumunod sa Diyos. Ang hari ay nagasawa ng maraming babae na ayaw ng Panginoon na kanyang gawin ito.

Habang linustay ni Solomon ang pagkataon ng sumunod sa Diyos, ang isa sa kanyang mga opisyal, si Jeroboam ay may kakaibang karanasan. Isang propeta ay nag-sabi sa kanya ng ang kaharian ni Solomon ay hahatiin at si Jeroboam ay maghari ng mahigit nang sampong tribo ng Israel. Tumakas si Jeroboam sa Ehepto. Alam niya na papatayin si ni



Solomon kung siya'y nanatili.



Sa wakas si Solomon ay namatay. Ang kanyang anak na lalake, si Rehoboam, ay binobuwisan ang mga tao ng lalong malaki kay sa kay Solomon.

Ang Maalam na Haring Solomon

isang kuentong nanggagaling sa
Salita ng Diyos, ang Biblia,

makikita sa

I Mga Hari 1-12

"Ang bukas ng iyong mga Salita ay
nagbibigay ng liwanag." Mga Awit 119:130

Ang Wakas

Ang kuentong ito sa Bibliya ay nagsasabi sa atin tungkul sa kahanga-hangang Diyos na naglikha sa atin at ibig niya na a-alamin natin Siya.

Alam ng Panginoon na tayo'y gumagawa ng masamang bagay, na tinatawag na kasalanan. Ang parusa ng kasalanan ay kamatayan, ngunit mahal na mahal tayo niya na ipinadala niya ang kanyang Anak na si Hesus upang maipaku at mamatay sa Krus bilang parusa ng ating mga kasalanan. Nabuhay si Hesus muli at pumunta sa langit! Kungkayo ay maniniwala kay Hesus at humingi ng kapatawaran ng iyong mga kasalanan, gagawin niya iyon! Siya ay maninirahan sa inyong puso ngayon at kayo ay maninirahan na kasama niya sa kanyang tahanan na walang hanggang.

Kung ibig mong iwasan ang iyong kasalanan, sabihin ito sa Panginoon: Mahal na Panginoon, ako'y naniniwala na si Hesus ay namatay para sa akin at nabuhay muli Maaari po bang pumasok kayo sa aking buhay at patawarin po ninyo ako sa aking mga kasalanan, upang ako'y magkaroon ng bagong buhay ngayon at sa sarating na araw ako ay kasama mo sa iyong piling na walang katapusan. Tulongan po ninyo ako habang ako'y naninirahan sa mundo bilang iyong anak. AMEN

Basahin ang Bibliya at manalangin sa Panginoon araw-araw. Juan 3:16